


Callyo

Seattle Police Department (SPD)

Ano ang teknolohiyang ito?

Ang Callyo ay isang teknolohiya sa pagtago ng pagkakakilanlan at pag-record sa cell phone na ginagamit lamang kasama ng isang warrant. Naka-install ang Callyo sa isang cell phone at may kakayahan itong itago ang pagkakakilanlan ng isang pulis sa pamamagitan ng pagtatago ng numero ng telepono, mag-record ng mga pag-uusap sa telepono, at hanapin ang lokasyon ng mga nakikilalang indibidwal sa pamamagitan ng GPS, na hindi alam ang tungkol sa operasyon.



Bakit namin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Nagbibigay-daan ang Callyo sa Seattle Police Department (SPD, Departamento ng Pulisya ng Seattle) na ipagpatuloy nang mabilis ang mga kriminal na imbestigasyon, sa pamamagitan ng pagtatago ng numero ng telepono ng pumayag na kalahok sa isang undercover na imbestigasyon at pag-record ng mga pag-uusap at lokasyon ng mga suspek. Ginagamit lamang ang mga device sa pag-record ng audio pagkatapos matugunan ang mga legal na pamantayan ng pahintulot at/o warrant na inilabas ng korte, alinsunod sa inaatas ng Washington Privacy Act (Batas sa Pagkapribado ng Washington), Kabanata 9.73 RCW. Nakakatulong ang pag-record ng audio ng Callyo at pagtatago ng numero ng telepono sa pagbabawas ng krimen sa pamamagitan ng pagtulong sa pagkolekta ng katibayang kaugnay ng seryoso at/o marahas na kriminal na aktibidad bilang bahagi ng imbestigasyon sa kriminal na aktibidad. Kung wala ang teknolohiyang ito, hindi makakapagkolekta ang SPD ng mahalagang katibayan sa ilang kriminal na imbestigasyon.

Kasalukuyang isinasagawa ang panahon para sa malayang pagkomento para sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa Seattle.gov/Surveillance.

Isasama ang lahat ng komento tungkol sa teknolohiyang ito sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag) para dito at ipapasa ito sa Konseho.

Kung gusto mong magbigay ng feedback sa labas ng panahon para sa malayang pagkomento, mangyaring direktang isumite ang mga iyon sa Konseho ng Lungsod.

Pagkolekta

Kapag ginamit ang Callyo para mag-record, kinokolekta nito ang mga pag-uusap at tunog ng mga indibidwal na kaugnay ng isang kriminal na imbestigasyon. Ibinibigay ang data na kinolekta ng Callyo sa humihiling na Officer/Detective para maisama sa file ng imbestigasyon at itinatago ito alinsunod sa mga alituntunin sa ebidensya.

Paggamit

Ginagamit ng High Risk Victims Unit (Yunit sa Mga Biktimang Nasa Malaking Panganib) ang Callyo para itago ang mga numero ng telepono pero hindi nito ginagamit ang mga feature sa pag-record ng Callyo. Para sa lahat ng ibang paggamit ng Callyo, pagkatapos maitaguyod ang probable cause (posibilidad na naganap ang pangyayari), nagsasagawa ng pasalitang kahilingan ang mga pulis sa kanilang TESU para sa paggamit ng Callyo. Idinodokumento ng TESU ang hiniling na kagamitan, ang legal na awtoridad, at ang numero ng kaso. Pagkatapos ay ipinapadala ng TESU ang kagamitan sa humiling na Officer/Detective para gamitin alinsunod sa sakop ng utos ng korte.

Mga Proteksyon


Limitado ang paggamit ng mga device para sa pag-record ng audio sa mga kondisyong isinasaad ng pahintulot at/o utos ng korte, na nagbibigay ng legal na awtoridad at sakop ng pagkolekta. Ginagamit lamang ang mga device sa pag-record ng audio pagkatapos matugunan ang mga legal na pamantayan ng pahintulot at/o warrant na inilabas ng korte, alinsunod sa inaatas ng Washington Privacy Act, Kabanata 9.73 RCW. Dagdag pa rito, ang lahat ng paggamit ng mga device sa pag-record ng audio ay dokumentado ng TESU at napapasailalim sa pag-audit ng Office of Inspector General (Tanggapan ng Pangunahing Inspektor) at ng pederal na monitor sa anumang oras.

Mga Sistema ng Pag-record ng Audio (Mga "Wire")

Seattle Police Department (SPD)

Ano ang teknolohiyang ito?

Ang mga device sa pag-record ng audio ay karaniwang tinatawag na mga "wire" at maaari itong itago habang nakakabit sa tao o nakatago sa loob o labas ng mga kagamitan sa loob ng partikular na kapaligiran. Dapat i-on ang mga device sa pag-record ng audio ng isang indibidwal at nagre-record lamang ito ng mga bahagi ng pag-uusap na nagaganap habang naka-on ang device. Ginagamit lamang ang mga device sa pag-record ng audio pagkatapos matugunan ang mga legal na pamantayan ng pahintulot at/o warrant na inilabas ng korte, alinsunod sa inaatas ng Washington Privacy Act (Batas sa Pagkapribado ng Washington), Kabanata 9.73 RCW.



Kasalukuyang isinasagawa ang panahon para sa malayang pagkomento para sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://seattle.gov/surveillance).

Isasama ang lahat ng komento tungkol sa teknolohiyang ito sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag) para dito at ipapasa ito sa Konseho.

Kung gusto mong magbigay ng feedback sa labas ng panahon para sa malayang pagkomento, mangyaring direktang isumite ang mga iyon sa Konseho ng Lungsod.

Bakit namin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Nagbibigay-daan ang mga sistema ng pag-record ng audio sa Seattle Police Department (SPD, Departamento ng Pulisya ng Seattle) na mabilis na lutasin ang mga kriminal na imbestigasyon sa pamamagitan ng pag-record ng mga pag-uusap ng mga suspek, kapag nagkaroon ng naaangkop na pagpapasya na mayroong sapat na probable cause (posibilidad na naganap ang pangyayari) at naglabas ng isang warrant. Ayon sa batas, kailangan ang probable cause para makakuha ng warrant para sa paghahanap. Nakakatulong ang mga sistema ng pag-record ng audio sa pagbabawas ng krimen sa pamamagitan ng pagtulong sa pagkolekta ng katibayang kaugnay ng seryoso at/o marahas na kriminal na aktibidad bilang bahagi ng imbestigasyon sa kriminal na aktibidad.

Pagkolekta

Kinokolekta ng mga sistema ng pag-record ng audio ang mga pag-uusap at tunog ng mga indibidwal na kaugnay ng isang kriminal na imbestigasyon. Ibinibigay ang data na kinolekta mula sa mga device para sa pag-record ng audio sa humihiling na Officer/Detective para maisama sa file ng imbestigasyon at itinatago ito alinsunod sa mga alituntunin sa ebidensya.

Paggamit

Ang lahat ng sistema sa pag-record ng audio na ginagamit ng SPD ay pinapamahalaan at pinapanatili sa Technical and Electronic Support Unit (TESU, Yunit sa Teknikal at Elektronikong Suporta). Nakakatanggap ang TESU ng mga pasalitang kahilingan para sa paggamit ng teknolohiyang ito mula sa mga detective ng SPD na nag-iimbestiga ng mga krimen at idinodokumento nito ang hiniling na kagamitan, ang numero ng kaso, at itinatago nito ang kopya ng utos ng korte na nagbibigay ng awtorisasyon para sa paggamit ng kagamitan. Pagkatapos ay ipinapadala ng TESU ang kagamitan sa humiling na Officer/Detective para gamitin alinsunod sa sakop ng form ng pahintulot at/o utos ng korte.

Mga Proteksyon

Limitado ang paggamit ng mga device para sa pag-record ng audio sa mga kondisyong isinasaad ng pahintulot at/o utos ng korte, na nagbibigay ng legal na awtoridad at sakop ng pagkolekta. Ginagamit lamang ang mga device sa pag-record ng audio pagkatapos matugunan ang mga legal na pamantayan ng pahintulot at/o warrant na inilabas ng korte, alinsunod sa inaatas ng Washington Privacy Act, Kabanata 9.73 RCW. Dagdag pa rito, ang lahat ng paggamit ng mga device sa pag-record ng audio ay dokumentado ng TESU at napapasailalim sa pag-audit ng Office of Inspector General (Tanggapan ng Pangunahing Inspektor) at ng pederal na monitor sa anumang oras.

Pagsusuri sa Ugnayan - IBM I2 iBase

Seattle Police Department (SPD)

Ano ang teknolohiyang ito?

Nagbibigay-daan ang application na iBase sa mga user na ipagsama ang data na nakatago sa mga sistema sa kriminal na impormasyon ng Seattle Police Department (SPD, Departamento ng Pulisya ng Seattle) sa impormasyong nalikom sa mga kriminal na imbestigasyon at ipakita ang impormasyong iyon sa isang link chart (chart ng ugnayan). Ang ganitong uri ng pagsusuri sa ugnayan ay katulad ng isang virtual na "pin board", na tumutulong sa mga imbestigador na makita ang mga koneksyon sa pagitan ng mga kilalang entidad, sasakyan, lokasyon, atbp. sa kurso ng isang kriminal na imbestigasyon. Pagsusuri sa Ugnayan - IBM I2 iBase

Bakit namin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Bago ang pagpapatupad sa software na iBase, kinakailangang i-type muli ng mga imbestigador ang lahat ng kriminal na impormasyon mula sa RMS sa mga chart para sa visualization, na nakakaubos ng oras at paulit-ulit lamang. Ang pagpapatupad ng iBase ay nagbigay sa mga user ng kakayahang ilagay sa chart ang impormasyong iyon nang hindi ito tina-type muli.

Pagkolekta


Awtomatikong ini-import ng application na iBase ang bahagi ng data sa Records Management System (RMS, Sistema sa Pamamahala ng Mga Record) at Computer Aided Dispatch (CAD, Pag-dispatch na Tinutulungan ng Computer) system ng SPD. Maaari ding mano-manong magdagdag ang mga user ng karagdagang impormasyon na kinolekta nila sa kurso ng isang kriminal na imbestigasyon para makatulong sa pag-unawa sa mga komplikadong imbestigasyon.

Paggamit

Kasalukuyang ginagamit ang IBM I2 iBase ng mga analyst sa Real Time Crime Center (RTCC, Sentro ng Mga Kasalukuyang Krimen) para makatulong sa mga kriminal na imbestigasyon at magbigay ng maaakyunang impormasyon sa mga yunit sa field. Ginagamit ng mga empleyado ng SPD sa RTCC at Yunit ng Mga Imbestigasyon ang I2 Analyst's Notebook software para ilagay sa chart ang impormasyong nakatago sa sistema ng I2 iBase. Gumagawa ang mga analyst ng mga visualization na nagpapakita ng mga koneksyon sa pagitan ng mga kilalang entidad, sasakyan, lokasyon, atbp. sa kurso ng mga kriminal na imbestigasyon.

Mga Proteksyon

Ang mga awtorisadong user lamang ang pwedeng mag-access sa sistema, teknolohiya, o data. Kailangang mag-log in ang mga tauhan ng SPD gamit ang mga login credential na protektado ng password para ma-access ang sistema ng iBase. Ang lahat ng empleyadong ito ay sertipikado ng ACCESS at ng Criminal Justice Information System (CJIS, Sistema ng Impormasyon ng Hustisyang Pangkrimen). Ang sistema na I2 iBase ay sumusunod sa CJIS. Itinatala rin ng software ang pag-sign on/off ng mga user, ang bawat beses na nag-access ang user ng anumang piraso ng data, at ang anumang ginawang pagdaragdag o pagbabago ng isang user.



Kasalukuyang isinasagawa ang panahon para sa malayang pagkomento para sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://seattle.gov/surveillance).

Isasama ang lahat ng komento tungkol sa teknolohiyang ito sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag) para dito at ipapasa ito sa Konseho.

Kung gusto mong magbigay ng feedback sa labas ng panahon para sa malayang pagkomento, mangyaring direktang isumite ang mga iyon sa Konseho ng Lungsod.

Pagsusuri sa Ugnayan - Maltego

Seattle Police Department (SPD)

Ano ang teknolohiyang ito?

Ang Maltego ng Paterva ay isang Open Source Intelligence (OSINT, Kaalamang Malayang Gamitin ng Lahat) platform na nagpapakita ng impormasyong available sa publiko sa isang mading unawaing visual na modelo ng kaugnayan ng mga entidad na nagbibigay-daan sa mga imbestigador na suriin ang mga koneksyon sa pagitan ng mga indibidwal na kaugnay ng mga kriminal na imbestigasyon. Ang paggamit ng Maltego ay pinapamahalaan ng Patakaran ng SPD, ng City of Seattle Intelligence Ordinance (Ordinansya sa Kaalaman ng Lungsod ng Seattle), ng 28 CFR Part 23, at ng mga kinakailangan ng Criminal Justice Information System (CJIS, Sistema ng Impormasyon ng Hustisyang Pangkrimen).

Bakit namin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Ang Maltego ay isang mahalagang tool na ginagamit ng SPD sa mga imbestigasyon sa mga cyber na krimen, dahil kadalasang kabilang sa mga insidenteng ito ang mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga indibidwal, device, at network na hindi makikilala sa ibang paraan. Nagsasagawa ang Maltego ng mga query sa pampublikong data sa internet, tulad ng mga domain, at ipinapakita ito sa diagram na nagpapakita ng mga kaugnayan. Ginagamit ang tool na ito ng mga lokal na partner sa pagpapatupad ng batas, pati na rin sa komunidad ng seguridad sa impormasyon para sa mga pandepensang programa sa cyber na seguridad at para sa pag-iimbestiga ng mga paglabag at mga insidente ng cyber na krimen.

Pagkolekta

Nagsasagawa ang Maltego ng mga query sa mga data na available sa publiko sa internet at nagkokolekta ito ng impormasyon batay sa mga parameter ng kahilingan para sa paghahanap na inilagay ng detective, na katulad ng pagpapakita ng Google ng mga resulta sa paghahanap batay sa mga partikular na term sa paghahanap.

Paggamit

Ang Maltego ay isang software application sa cyber na seguridad na ginagamit para tulungan ang Seattle Police Department (SPD, Departamento ng Pulisya ng Seattle) upang magsaliksik sa data na available sa publiko at gumawa ng mga ugnayan sa diagram sa pagitan ng mga indibidwal, device, at network, bilang bahagi ng imbestigasyon sa cyber na krimen. Ginagamit ng SPD ang Maltego para imbestigahan ang mga cyber na krimen, lalo na para sa pagtukoy ng pinanggalingan ng mga pag-atake sa cyber na imprastraktura.

Mga Proteksyon

Ang paggamit ng Maltego ay pinapamahalaan ng Patakaran ng SPD, ng City of Seattle Intelligence Ordinance, ng 28 CFR Part 23, at ng mga kinakailangan ng CJIS. Pinaghihigpitan ang access sa Maltego sa paggamit para sa kaugnay na insidente sa seguridad at/o naaangkop na kriminal na imbestigasyon, at napapasailalim ito sa Patakaran ng Departamento para sa mga nagpapatuloy na imbestigasyon sa krimen. Ginagamit lamang ang Maltego ng dalawang sinanay na detective ng TESU sa loob ng TESU, at hindi ng iba pang entidad.



Kasalukuyang isinasagawa ang panahon para sa malayang pagkomento para sa teknolohiyang ito. Maaari kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/Surveillance](https://seattle.gov/surveillance).

Isasama ang lahat ng komento tungkol sa teknolohiyang ito sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag) para dito at ipapasa ito sa Konseho.

Kung gusto mong magbigay ng feedback sa labas ng panahon para sa malayang pagkomento, maaari itong direktang ipasa sa Konseho ng Lungsod.